

Patakaran ng NIPPN Group sa Karapatang Pantao

<Panimula>

Batay sa pilosopiya sa pamamahala, gagampanan ng NIPPN Group ang responsibilidad nitong igalang ang karapatang pantao na nakabatay sa dangal ng tao, na mahalaga upang matiyak ang likas na karapatan ng bawat tao na mabuhay at maging malaya, at upang mamuhay nang masaya sa lipunan, sa lahat ng aspeto ng mga aktibidad ng korporasyon.

Ang patakarang ito ay nakaposisyon bilang pinakamataas na patakaran ng NIPPN Group hinggil sa karapatang pantao.

<Pangunahing Nilalaman>

1. Pangunahing Konsepto

Sinusuportahan at iginagalang ng NIPPN Group ang mga internasyonal na pamantayan sa karapatang pantao tulad ng “International Bill of Human Rights” (Universal Declaration of Human Rights at International Covenants on Human Rights) at “International Labor Organization (ILO) Declaration on Fundamental Principles and Rights at Work” ng (ILO). Bukod pa rito, magsusumikap kaming igalang ang karapatang pantao alinsunod sa “Guiding Principles on Business and Human Rights” ng United Nations.

Mahigpit na susundin ng NIPPN Group ang mga batas at regulasyon ng bawat bansa at rehiyon kung saan ito nagsasagawa ng mga aktibidad sa negosyo. Kung sakaling magkaiba ang mga internasyonal na pamantayan sa karapatang pantao at ang mga batas sa bawat bansa at rehiyon, susundin ang mas mataas na pamantayan, at kung sakaling may salungatan, maghahanap ng paraan upang magpakita ng pinakamataas na paggalang sa karapatang pantao na kinikilala sa buong mundo.

2. Saklaw ng Pagpapatupad

Ang patakarang ito ay ipinapatupad sa lahat ng mga opisyal, empleyado, at iba pang kawani ng NIPPN Group. Bukod pa rito, hinihikayat ng NIPPN Group sa mga kasosyo nito sa supply chain na suportahan ang patakarang ito at magsikap na igalang ang karapatang pantao, at magtulungan na isulong ang karapatang pantao.

3. Masusing Pagsusuri ng Karapatang Pantao

Upang magampanan ng NIPPN Group ang responsibilidad nitong igalang ang karapatang pantao, bubuo kami ng sistema para sa masusing pagsusuri ng karapatang pantao at patuloy na magsisikap na tukuyin, iwasan, at bawasan ang mga masamang epekto sa karapatang pantao na may kaugnayan sa mga aktibidad sa negosyo ng NIPPN Group.

4. Pagbibigay-lunas

Kung ang NIPPN Group ay nagdulot o nag-ambag sa masamang epekto sa karapatang pantao, magsisikap kami na itama at bigyang-lunas ang sitwasyon. Higit pa rito, kung direktang may kaugnayan

ang mga aktibidad sa negosyo, produkto, o serbisyo ng NIPPN Group sa masamang epekto sa karapatang pantao, hihikayatin namin ang mga kasosyo na iwasan o bawasan ang masamang epekto sa karapatang pantao.

5. Edukasyon

Patuloy na magbibigay ang NIPPN Group ng angkop na edukasyon at pagsasanay sa lahat ng mga opisyal, empleyado, at iba pang kawani, upang maisagawa ang mga aktibidad sa negosyo ayon sa patakarang ito.

6. Pag-uusap

Sa pagsulong ng mga pagsisikap para sa karapatang pantao, ang NIPPN Group ay magsasagawa ng mga pag-uusap at pakikipag-ugnayan sa mga stakeholder.

7. Pagsisiwalat ng Impormasyon

Isisiwalat ng NIPPN Group sa angkop na oras at paraan sa website at iba pang media ang mga pagsisikap para sa karapatang pantao batay sa patakarang ito.

8. Sistema

Magpapatupad kami ng sistema para sa pagpapatupad ng patakarang ito. Ang Lupon ng mga Direktor din ang mangangasiwa sa pagpapatupad at mahigpit na pagsunod sa patakarang ito.

9. Mga Isyu sa Karapatang Pantao

Ang mga patakaran sa pagsisikap na may kaugnayan sa karapatang pantao na tinutugunan ng NIPPN Group ay ilalahad sa appendix. Ang mga isyu sa karapatang pantao na inilahad sa appendix ay susuriin kung naaangkop batay sa mga pagbabago sa lipunan, kabilang ang mga aktibidad sa negosyo ng NIPPN Group, mga batas at regulasyon, at iba pa.

Pinagtibay noong Mayo 23, 2025

NIPPN Corporation

President, C.E.O.

Toshiya Maezuru

Appendix ng Patakaran ng NIPPN Group sa Karapatang Pantao

Inilahad sa appendix na ito ang mga patakaran sa pagsisikap ng NIPPN Group sa karapatang pantao. Ang mga isyu sa karapatang pantao na inilahad sa appendix ay susuriin kung naaangkop batay sa mga pagbabago sa lipunan, kabilang ang mga negosyo ng NIPPN Group, mga batas at regulasyon, at iba pa.

(1) Sapilitang Trabaho, Paggamit ng Bata sa Trabaho

Hindi namin tinatanggap ang anumang anyo ng human trafficking, sapilitang trabaho, pagtrato bilang alipin sa trabaho, at paggamit ng bata sa trabaho sa lahat ng bansa at rehiyon kung saan nagsasagawa ng mga aktibidad sa negosyo.

(2) Diskriminasyon

Iginagalang namin ang pangunahing karapatang pantao at ipinagbabawal ang anumang uri ng diskriminasyon batay sa lahi, kulay ng balat, relihiyon, pampulitikang opinyon, kasarian, pagkakakilanlan ng kasarian, oryentasyong sekswal, edad, bansang pinagmulan, panlipunang pinagmulan, kapansanan, at iba pa.

Bukod pa rito, hindi namin tinatanggap ang anumang anyo ng panghaharas.

(3) Kalayaan sa pagsasama-sama at Karapatan sa Sama-samang Pakikipagnegosasyon

Mahigpit na susundin namin ang mga batas at kaugalian kaugnay sa trabaho sa lahat ng bansa at rehiyon kung saan nagsasagawa ng mga aktibidad sa negosyo, igagalang ang mga pangunahing karapatan ng mga manggagawa sa trabaho tulad ng karapatan sa pagsasama-sama at sama-samang pakikipagnegosasyon, at bubuo ng mabuting relasyon sa pamamahala ng trabaho sa bawat empleyado.

(4) Kaligtasan at Kalinisan sa Trabaho

Batay sa mga batas kaugnay sa trabaho sa lahat ng bansa at rehiyon kung saan nagsasagawa ng mga aktibidad sa negosyo, magsusumikap kami na maiwasan ang mga aksidente sa trabaho, mapanatili at mapabuti ang isang ligtas at malinis na kapaligiran sa trabaho.

(5) Tamang Sahod at Makatuwirang Oras ng Trabaho

Batay sa mga batas kaugnay sa trabaho sa lahat ng bansa at rehiyon kung saan nagsasagawa ng mga aktibidad sa negosyo, magbabayad kami ng tamang sahod na hindi bababa sa minimum wage, at maayos na pamamahalaan ang oras ng trabaho.

(6) Paggalang sa Pagkakaiba-iba at Paglikha ng Komportableng Kapaligiran sa Trabaho

Magsusumikap kami na lumikha ng isang lugar sa trabaho na mayaman sa DE&I, kung saan kinikilala ang iba't ibang pananaw at indibidwalidad, upang ganap na maipamalas ng bawat

empleyado ang kanilang kakayahan at makamit nila ang kanilang sariling paglago at pagsasakatuparan.

(7) Responsableng Komunikasyon sa Marketing

Ipinagbabawal ang mga pahayag na hindi totoo tulad ng pagmamayabang o pagmamalabis, mga diskriminatoryong pananalita, at mga komunikasyon sa marketing na maaaring magdulot ng masamang epekto sa mga bata.

(8) Kaligtasan ng mga Mamimili

Magsusumikap kami sa pamamahala ng kalidad, kaligtasan ng mga produkto, at paggawa ng mga madaling maunawaan na label upang matiyak ang kaligtasan, seguridad, at kalusugan ng mga mamimili.

(9) Proteksyon ng Personal na Impormasyon

Batay sa mga batas kaugnay sa trabaho sa lahat ng bansa at rehiyon kung saan nagsasagawa ng mga aktibidad sa negosyo, mahigpit na susundin namin ang mga batas at regulasyon kaugnay sa proteksyon ng impormasyon, at magsisikap na angkop na mapangasiwaan ang personal na impormasyon.

(1 0) Pakikisama sa Iba't ibang Stakeholder

Igagalang namin ang karapatang pantao ng lahat ng mga stakeholder na kabilang sa buong supply chain. Bukod pa rito, magsusumikap kami na makisama sa mga lokal na komunidad kung saan nagsasagawa ng mga aktibidad sa negosyo, at gagawa ng mga kinakailangang hakbang upang maiwasan o mabawasan ang mga masamang epekto sa kalusugan, karapatan sa lupa, access sa tubig, at iba pa ng mga residente sa komunidad kung saan nagsasagawa ng mga aktibidad sa negosyo.

Pinagtibay noong Mayo 23, 2025